Ano ang Hepatitis B?

Ang salitang "hepatitis" ay nangangahulugang pamamaga ng atay. Ito ay maaaring magmula sa iba't ibang mga sanhi katulad ng pagkadikit sa kemiko, droga at mga halamang gamot, alkohol at ilang mga virus (germs). May tatlong pangunahing mga viruses na nakakaapekto sa atay: hepatitis A, B at C.

Ang Hepatitis B ay mamaring makapagdulot ng grabe at pangmatagalang pagkasira ng atay. Kumunsulta sa iyong manggagamot para sa karagdagang impormasyon tungkol dito.

Paano kumakalat ang Hepatitis B?

Sa buong daigdig, ang pangunahing pamamaraan ng pagkalat ng Hepatitis B ay mula sa ina na may impeksyong Hepatitis B sa kanilang sanggol sa panahon ng panganganak. Kung walang gamutan, hanggang 9 sa bawat 10 ina na may Hepatitis B ang makakapagsalin nnito sa kanilang sanggol.

Ang Hepatitis B ay kumakalat din sa:

- mga bata, sa pamamagitan ng malapitang personal na kontak o sa mga hiwa o sugat.
- mga taong nag-iiniksyon ng droga, sa pamamagitan ng paggamit ng iisang kagamitan na kontaminado ng Hepatitis B.
- mga taong nakipagtalik na walang condom.
- mga taong nagpatato o nagpa "body piercing" gamit ang kontaminadong kagamitan.
- mga di isterilisadong pamamaraang medikal at/o pagsasalin ng dugo sa ibayong dagot.

Mayroong bakuna upang maprotektahan ang mga tao Hepatitis B. Ito ay bahagi ng kinagawiang programa ng pagbabakuna sa Australia.

Nakakaapekto ba ang Hepatitis B sa pagbubuntis?

Sa pangkalahatan, kung ang ina ay may impeksyong Hepatitis B, wala itong epekto sa pagbubuntis o sa panganganak – maliban sa panganib na ang sanggol ay ipapanganak na may impeksyong Hepatitis B.

Kailangan ba akong magpasuri sa hepatitis B

Lahat ng buntis ay sinusuri sa Hepatitis B bilang bahagi ng kinagawiang pagsusuri. Ang resultang positibo (Hepatitis B impeksyon) ay hindi magpapabago ng pamamaraan ng pangangalaga ng mga kawani ng pagamutan o maging ng iyong manggagamot. Ang pagsusuri ay magtitiyak na ikaw at ang iyong sanggol ay makakatanggap ng pinakamabuting pangangalaga.

Kung ikaw ay positibo sa Hepatitis B, tiyakin na ikaw ay maisasangguni sa ekspertong manggagamot sa Hepatitis B at pagbubuntis. Ang iyong sanggol ay masusuri sa virus pagsapit ng ika-**9** na buwang idad.

Mababawasan ko ba ang panganib sa aking sanggol?

Kung ikaw ay may Hepatitis B, malaki ang panganib na ito ay maisasalin sa iyong sanggol, subalit ang panganib ay maaaring mabawasan.

Ang iyong mangagamot ay imomonitor ang dami ng Hepatitis B virus sa iyong dugo, at kung ito ay mataas, maaaring magrekomenda ng maikling gamutan upang mapababa ang dami at mabawasan ang tsansang ito ay maisalin sa sanggol.

Ang mga sanggol ng mga nanay na may impeksyong hepatitis B ay dapat mainiksyunan ng hepatitis B immunoglobulin at bakunang hepatitis B **sa loob ng 12 oras** mula pagkasilang. Makakatulong ang mga pag-iiniksyong ito para maprotektahan ang bata sa virus, ngunit may hanggang 10% tsansa na ang bata ay makakasagap nito, lalo na kung ang lebel ng virus sa nanay ay mataas noong panahon ng pagsisilang.

Ibig sabihin din nito na mahalaga ring mabakunahan ang mga batang ipinanganak sa mga nanay na may impeksyong hepatitis B sa tamang panahon pagsapit ng **2, 4 at 6 na buwang** edad. Magagawa ito ng iyong GP o lokal na konseho o klinikang pang-baby ng kalusugang pangkomunidad.

Ang mga sanggol na ipinanganak sa mga nanay na may impeksyong hepatitis B ay dapat i-monitor ng isang doktor na iksperto sa paggagamot ng mga batang may hepatitis B. Dapat na ma-tsek ang naturalesa ng sanggol pagsapit ng ika-**9 na buwang edad.**

Kahit na ikaw at ang iyong sanggol ay walang hepatitis B, dapat mainiksyunan ng pang-unang dosis ng bakuna ang beybi bago ka lumabas ng ospital at mabigyan siya ng kinagawiang pagbabakuna pagsapit ng 2, 4 at 6 na buwang edad. Itong paraan ng pagbakuna ay magpoprotekta sa iyong beybi na mahawa ng ibang mga bata habang siya ay lumalaki.

Makapagpapasuso pa ba ako kung ako ay may hepatitis B?

Oo, napakaraming mga benepisyo sa pagpapasuso ng iyong anak.

Ang kasalukuyang rekomendasyon ng World Health Organisation ay ligtas na makapagpapasuso ng kanilang anak ang mga kababaihang may hepatitis B.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Nepean Hospital, Liver Clinic (02) 4734 3466

Storr Liver Clinic, Westmead (02) 9845 7705

www.hep.org.au

Linyang-Pantulong ng Hepatitis: 1800 803990

Makipag-ugnayan sa inyong lokal na yunit ng pampublik-ong kalusugan para sa impormasyon tungkol sa mga ba-kuna ng hepatitis B:

Parramatta	(02) 9840 3603
Penrith	(02) 4734 2022

Kagawaran ng Gastroenterology (Department of Gastroenterology)

Ang mga tagapag-alaga ay nag-aalaga at nagdudulot ng walang bayad na tulong sa iba. Maaari silang mga kapamilya, mga kaibigan o mga kapitbahay. Mahalagang ipagbigay-alam mo sa kawani ng kalusugan kung mayroon kang tagapag-alaga.

May libre at kumpidensyal na serbisyo ng **Interpreter**,
24 oras, 7 araw buong linggo.
Hilingin sa kawani na magsaayos ng interpreter para sa iyo.
May magagamit ding AUSLAN.

Ang lahat ng mga pasilidad ng Kalusugang NSW ay pawang **bawal ang manigarilyo**. Ibig sabihin ay hindi pinapayagang magsigarilyo saan mang kapaligiran o loob ng mga gusali. Para sa tulong upang matigil sa paninigarilyo tawagan ang Quitline ™ sa 131 848

Makakaparada sa tabing kalsada malapit sa ospital o sa paradahan ng ospital sa loob na may bayad.

WSP-050 September 2011

Tagalog



Hepatitis B Pagbubuntis at Pagpapasuso

(Hepatitis B Pregnancy and Breastfeeding)

NSW GOVERNMENT
Health
Western Sydney
Local Health District